

Lungsod ng Clovis

Patakaran sa Pagputol sa Serbisyo sa Tubig

Pebrero 1, 2020

I. Layunin ng Patakaran sa Pagputol sa Pangresidensyal na Serbisyo sa Tubig

Layunin ng dokumentong ito na balangkasin ang Patakaran sa Pagputol sa Pangresidensyal na Serbisyo sa Tubig ("Patakaran") para sa Lungsod ng Clovis ("Lungsod"). Itinatakda ng Patakarang ito ang mga panuntunan at layunin na dapat gagabay sa pagdedesisyon ng Lungsod tungkol sa pagputol sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig. Ang pangunahing mga layunin ng Patakarang ito ay: magtatag ng mga timeline para sa pagputol sa serbisyo sa tubig, alamin ang mga kinakailangang paunawa, magtatag ng mga opsyon para sa mga taong nais iwasan na maputulan, magtatag ng pormal na mekanismo para sa mga customer para sa pag-apela o pag-review sa mga bill, magtatag ng mga eksempsyon na singil sa muling pagpapakonekta, at alamin ang mga kinakailangang paunawa para sa mga residensyal na tenant/umuupa.

Dinibelop ang Patakarang ito alinsunod sa Seksyon ng California Health at Safety Code na 116900-116926, pati na rin ang mga gabay na itinakda sa sekyong 6.5.101 - 6.5.112 ng Municipal Code ng Lungsod. Dapat ding tandaan na ang Patakarang ito ay umaaplay lamang sa mga pangresidensyal na maiinom na tubig na serbisyo, at hindi kasama ang pangkomersiyal na serbisyo sa tubig, ni ang anumang iba pang serbisyo na ibinibigay ng Lungsod.

II. Pamantayang Timeline ng Pagputol sa Tubig

Tinuturing na delingkwente ang isang account kapag ang bayad para sa serbisyo ay hindi natanggap sa takdang petsa na nakasaad sa utility bill. Mapapailalim ang mga customer sa pagputol sa tubig matapos maging delingkwente ang kanilang pagbabayad nang animnapung (60) araw. Aabisuhan ang mga customer sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa ng kanilang nalalapit na pagputol sa tubig nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng pagnenegosyo bago ang pagputol nang dahil sa kawalan ng pagbabayad. Ikokoreo ang mga paunawa sa residente kung saan ibinibigay ang pangresidensyal na serbisyo. Kung hindi naninirahan ang may-ari ng account sa tahanan kung saan ibinibigay ang serbisyo, ikokoreo rin ang paunawa sa billing address ng may-ari ng account. Sa pangyayaring iyon, ang paunawang ikinoreo sa tahanan kung saan ibinibigay ang serbisyo ay iuukol sa "Umuupa". Maaaring tumawag ang mga customer sa Lungsod ng Kagawaran ng Pinansya para talakayin ang kanilang account at mga paraan para maiwasan ang pagputol ng tubig sa (559) 324-2130 (ang mga oras ng pagnenegosyo ay Lunes-Biyernes, 8:00 a.m. – 4:30 p.m.).

Kapag naputol ang serbisyo ng customer nang dahil sa hindi pagbabayad, magbibigay ang Lungsod ng impormasyon sa customer kung paano maibabalik ang serbisyo sa kanilang tahanan. Dapat ding tandaan na isasagawa ang “pag-shut off” sa tubig ng 8:00 a.m. sa karaniwang mga naka-iskedyul na araw ng pag-shut off ng Lungsod.

Lungsod ng Clovis

Patakaran sa Pagputol sa Serbisyo sa Tubig

Pebrero 1, 2020

III. Mga Nakasulat na Paunawa

Kasama sa lahat ng nakasulat na paunawa na nasa ilalim ng Patakarang ito ang mga sumusunod:

- Pangalan ng customer at address
- Halaga ng hindi pa nababayaran
- Petsa ng kailangang pagbabayad o isinaayos na petsa ng pagbabayad para maiwasan ang pagputol sa pangresidensyal na serbisyo
- Proseso para mag-aplay ng pinalawig na panahon upang mabayaran ang mga singil sa pagiging delingkwente (tingnan ang Seksyong IV)
- Proseso kung saan maaaring humiling ang customer ng naka-defer na pagbabayad o isinaayos na pagbabayad (tingnan ang Seksyong IV)
- Pamamaraan upang magpetisyon ng pagsusuri at pag-apela sa bill (tingnan ang Seksyong V)

IV. Mga Naka-defer na Pagbabayad at Iba Pang Isinaayos na Pagbabayad

Maaaring magkaroon ng mga pagkakataon na hindi magagawang mabayaran ng mga customer ang naka-iskedyul na pagbabayad para sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig. Sa mga gayong pagkakataon, maaari silang humiling ng defer na pagbabayad o magtakda ng pagsasaayos ng pagbabayad. Iniaalok ng Lungsod ng Clovis ang mga sumusunod:

Naka-defer na pagbabayad – maaaring mabigyan ang mga customer ng one-time na deferral ng buong balanse sa statement para sa panahon na hindi lalampas ng labingdalawang (12) buwan.

Pagsasaayos ng pagbabayad – maaaring mabigyan ang mga customer ng pagkakataon na bayaran ang balanse sa statement sa panahon na hindi lalampas sa labingdalawang (12) buwan. Ito'y gagawin sa lingguhan, kada-dalawang linggo, o buwanang hulugan.

Ang mga ospyong ito ay magiging available sa mga customer nang isang beses kada labingdalawang (12) buwan na panahon. Dapat punan at pirmahan ng mga customer ang anumang pag-aayos sa form na inilaan ng Lungsod. Dapat ding tandaan na habang binabayaran ng customer ang partikular na balanse sa billing-cycle sa alinman sa naka-defer na pagbabayad o isinaayos na pagbabayad, dapat rin nilang bayaran ang parehong kasalukuyan at isinaayos na pagbabayad sa mga serbisyo.

Maaaring mapailalim sa pagputol sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig ang customer kapag animnapung (60) araw na silang huli sa alinman sa naka-defer na pagbabayad o isinaayos na pagbabayad na tinukoy sa itaas, o animnapung (60) araw na huli sa o sa

Lungsod ng Clovis

Patakaran sa Pagputol sa Serbisyo sa Tubig

Pebrero 1, 2020

kanilang mga kasalukuyang pagbabayad sa serbisyo. Aabisuhan ang mga customer alinsunod sa Seksyong II at III ng Patakaran ng anumang nalalapit na pagputol.

V. Mga Pag-apela

Dapat idirekta ng sinumang customer na nais iapela ang kanilang bill, o ang paunawa ng pagputol sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig, ang mga gayong apela, nang nakasulat, sa City Clerk sa 1033 Fifth Street, Clovis, CA 93612. Dapat matanggap ang mga apela nang hindi lalampas sa petsang nakatakda sa billing ng bill na inaapela. Dapat matanggap ang mga apela ng pagputol sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig nang hindi lalampas sa limang (5) araw ng pagnenegosyo bago ang petsa ng pag-shut off sa tubig. Ang saklaw ng apela ay dapat nakalimitado sa partikular na bill na kailangan nang bayaran, o sa paunawa ng pagputol ng serbisyo.

Susuriin ng kawani ng Lungsod ng Clovis ang nakasulat na apela at makikipag-ugnayan sa customer upang talakayin ang lahat ng usapin sa apela. Sa sandaling natalakay na at nasuri ang lahat ng pangyayari at usapin, magdedesisyon ang Lungsod at ipapaalam ito sa customer matapos nito. Hindi isasagawa ang pagputol sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig habang nakabinbin ang isang apela. Gayunpaman, maaaring bumaba o tumaas ang halaga ng mga adjustment sa billing, at ang lahat ng halagang kinakailangang bayaran mula sa billing cycle ay kailangan nang bayaran kaagad sa sandaling makumpleto ang proseso ng apela, o mapapailalim sa gayong mga tadhana ng alternatibong isinaayos na pagbabayad, sakaling sumang-ayon ang mga partido sa nasabing tadhana.

VI. Mga Singil sa Reconnection Service

Ang mga singil sa reconnection service ay patuloy na pangagasiwaan ng seksyon ng Municipal Code ng Clovis na 6.5.107.

VII. Mga Residensyal na Tenant/Mga Umuupa sa Isang Indibidwal na Metered na Tahanan

Sa mga sitwasyon kung saan ang may-ari ng isang indibidwal na metered na tahanan ay ang customer na nasa record, magsasagawa ang Lungsod ng makatwiran, at mabuting pagsisikap na ipaalam sa mga tenant/mga umuupa, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, kapag ang mga serbisyo ng tubig ay nasa atrasado at napapailalim sa pagputol ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago i-shut off ang serbisyo ng tubig. Ipapaalam ng nakasulat na paunawa sa tenant/umuupa na mayroon silang karapatan na maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halaga na nasa delingkwenteng account na kailangan nang bayaran,

Lungsod ng Clovis
Patakaran sa Pagputol sa Serbisyo sa Tubig
Pebrero 1, 2020

hangga't pumapayag silang akuin ang tungkuling pinansyal sa mga susunod na singil para sa serbsiyo sa tubig sa address na iyon. Upang magawa ang pagsasayos na ito, dapat magbigay ang tenant/umuupa ng katunayan ng pag-upa sa anyo ng kasunduan ng pag-upa/lease (na pinirmahan ng lahat ng partido na napapailalim sa lease).